

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0017
	Title	“Quality Policy on the Diagnosis and Management of Neonatal Sepsis as Reference of the Corporation”


Tanong	Sagot
1. Ano ang PhilHealth Circular No. 2023-0017	<p>Ang mga patakarang nakapaloob sa Circular ay para sa mga bagong panganak na sanggol na 28 araw pababa na naospital dahil sa Neonatal Sepsis.</p> <p>Ito ay naglalaman ng mga rekomendasyon sa tamang pangangalaga ng “neonatal sepsis” base sa mga guidelines ng mga eksperto.</p>
2. Ano ang Neonatal Sepsis?	<p>Ang Neonatal Sepsis ay matinding impeksyon sa sanggol na ang edad ay 28 araw pababa. Ito ay impeksyon sa dugo ng sanggol na maaring makaapekto sa ilang sistema o buong katawan. Isa ito sa pangunahing sanhi ng pagkamatay ng mga sanggol kung hindi maagang mabibigyan ng karampatang gamot at pamamahala.</p>
3. Paano masasabing mayroong Neonatal Sepsis ang sanggol o ano-ano ang clinical indicators?	<ol style="list-style-type: none"> 1. Dapat isaalang-alang ang mga salik sa panganib ng ina (maternal risk factors), tulad ng, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod: <ol style="list-style-type: none"> a. Chroriomnionitis; b. Kolonisasyon GBS – mga ina o mga sanggol na may positibong impeksyon mula sa organismong Group B Streptococcus c. Panganganak bago ang ika-37 linggo ng pagbubuntis d. Matagal na pagkalagot ng mga lamad (rupture of membranes) nang higit sa 18 oras e. Paglalagnat ng ina nang 38 C pataas, aktibong impeksyon sa ihi sa loob ng 1 linggo matapos manganak, o hindi sapat na prenatal check ups 2. Mga panganib sa sanggol na bagong panganak (neonatal risk factors): <ol style="list-style-type: none"> a. Prematurity b. Mababang timbang ng kapanganakan (very low birth weight o mababa sa 1,500 grams) c. Kasarian ng sanggol – Lalaki 3. Pagkakaroon ng mga sumusunod:

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0017
	Title	“Quality Policy on the Diagnosis and Management of Neonatal Sepsis as Reference of the Corporation”

	<p>a. Hypotension at mga palatandaan o sintomas ng hypotension tulad ng pamumutla, batik-batik sa balat, mahinang pulso, o oras ng pag-refill ng capillary (capillary refill time) nang higit sa 2 segundo</p> <p>b. Abnormal na temperature (lagpas 38 C para sa lagnat at mababa sa 36.5 C para sa hypothermia) o kawalang-tatag ng temperature na hindi maipaliwanag</p> <p>c. Pagkabalisa sa paghinga</p> <p>d. Abnormal na tibok ng puso</p> <p>e. Altered sensorium/behavior kabilang na ang mahinang pag-iyak</p> <p>f. Hypotonia (floppiness) o walang neonatal reflexes</p> <p>g. Hirap sa pagkain (mahinang pagsuso, pagsusuka, paglaki ng tyan)</p> <p>h. Mababang asukal sa dugo (hypoglycemia) sa mga bagong panganak</p> <p>i. Hindi maipaliwanag na labis na pagdurugo o mga pagbabago sa balat (mga pantal, batik-batik, o maputlang hitsura)</p> <p>j. Paninilaw ng balat sa loob ng 24 oras ng kapanganakan nang walang blood incompatibility</p> <p>Ang mga sintomas na ito ay hindi partikular, maaring banayad, o maari ring hindi nakahahawa ang pinagmulan. Kapag ang mga bagong silang na sanggol ay lumihis mula sa kanilang karaniwang aktibidad o pagkain, maaaring magkaroon ng mataas na tiyansa ng Sepsis. Mahalagang bantayan ang mga palatandaan at sintomas ng maternal at neonatal risk factors.</p>
<p>4. Ano ang confirmatory test o pagsusuri para makumpirma ang Neonatal Sepsis?</p>	<p>Ang microbiological blood culture ay ang “gold standard” para makumpirmang ang sanggol ay may neonatal sepsis.</p>

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0017
	Title	“Quality Policy on the Diagnosis and Management of Neonatal Sepsis as Reference of the Corporation”

<p>5. Ano-ano ang iba pang mga pagsusuri na susuporta sa diagnosis?</p>	<p>Ang mga sumusunod ay ang mga pagsusuri na magbibigay ng suporta sa diagnosis ng Neonatal Sepsis, depende sa presentasyon ng bata at kapasidad ng ospital:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Complete Blood Count (CBC) • C-reactive protein (CRP) • Procalcitonin • Cerebrospinal fluid (CSF) Analysis (kung ito ay klinikal na pinapahiwatig) • Mga culture tests na nakuha sa anumang iba pang potensyal na pokus ng impeksyon • Mga nauugnay na pag-aaral sa imaging, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa x-ray <p>Maaaring irekomenda ang karagdagang pagsusuri para suportahan ang diagnosis ng sepsis at pag-monitor sa sanggol, depende sa presentasyon ng bata at kakayahan sa serbisyo ng pasilidad.</p>
<p>6. Ano ang tamang paggamot at pamamahala sa Neonatal Sepsis?</p>	<p>a. Intravenous antimicrobial therapy</p> <p>Ang neonatal sepsis ay isang medical emergency na banta sa buhay ng sanggol at dapat agarang gamutin.</p> <p>Ang pagbibigay ng antimicrobial therapy ay dapat gawin nang hindi bababa sa 7 araw sa mga sanggol na may positibong blood culture.</p> <p>Hindi inirerekomenda ang regular na paggamot ng antibiotics sa mga sanggol na WALANG mga kadahilanan ng panganib, klinikal na tagapahiwatig ng impeksyon, o ebidensya sa laboratoryo ng posibleng impeksyon.</p> <p>b. Fluid resuscitation</p> <p>Ang mga intravenous fluids ay dapat ibigay para mapanatiling maayos ang hemodynamic status ng pasyente.</p>

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0017
	Title	“Quality Policy on the Diagnosis and Management of Neonatal Sepsis as Reference of the Corporation”

	<p>c. Vasoactive and inotropic medications</p> <p>Inirerekomenda ito sa mga kaso ng matinding sepsis at septic shock upang suportahan ang cardiac output at pagandahin ang vascular tone ng pasyente.</p> <p>d. Blood transfusion</p> <p>Bilang karagdagan, ang pagbibigay ng whole blood double volume exchange transfusion ay kapaki-pakinabang para sa paggamot ng bagong panganak na sanggol na may sepsis.</p>
--	---